



MGA SERYE SA PAGPIGIL NG KRIMEN NG PUWERSA NG PULISYA SA NSW

Ligtas na tao, Ligtas na lugar

Nariryan ang mga kalsada upang gamitin nating lahat. Kahit nagmamaneho papuntang trabaho, bakasyon o diyan lang sa mga shop, ang ating mga kalsada ay mahalagang bahagi ng halos buong buhay natin. Bilang isang gumagamit ng kalsada, tungkulin mong magmaneho nang naayon sa mga alituntunin ng kalsada sa paraang ligtas para sa lahat ng mga gumagamit nito.

Ang mga maling gawi sa pagmamaneho, pagkaantala, o kahit pangkaraniwang trapiko lang ay maaaring maging sanhi ng pagkabagot at humantong sa agresibong pag-uugali habang ikaw o ang iba pa ay nagsisikap na marating ang inyong patutunguhan. Ito ay maaaring humantong sa mga aksidente, agresibo o mandaragit na pagmamaneho (nanggigipit na pagmamaneho) o marahas na hidwaan ng mga gumagamit ng kalsada.

Narito ang ilang simpleng hakbang na maaaring gawin **nating lahat** upang maprotektahan ang ating sarili sa hidwaan sa mga lansangan.

Protektahan ang iyong sarili sa kalsada

- **LAGING** magplano at bigyan ang iyong sarili ng maraming oras upang marating ang iyong pupuntahan.
- **TIYAKIN** na ang iyong sasakyan ay pinanatiling maayos at may sapat na imbak ng gasolina para sa iyong biyahe.
- **HUWAG** magmaneho kung ikaw ay sobrang pagod at sikaping may sapat na pahinga bago maglakbay at habang nasa anumang paglalakbay. [Huwag magtiwala sa iyong kakayahan kung ikaw ay pagod.](#)

Protektahan ang ibang nasa kalsada

- **HUWAG** hayaang mawala sa sarili habang nagmamaneho. Hayaan lang ang iyong telepono kapag ikaw ay nasa kotse. [Ilayo Ang Iyong Kamay Dito.](#)
- **LAGING** maging magalang, mapasensya, manatili sa speed limit at mag-ingat sa pagmamaneho.
- **HUWAG** patulan o hikayatin ang agresibong pag-uugali ng iba.

Protektahan ang iyong sarili sa kalsada

- **LAGING** manatili sa iyong sasakyan kapag kinompronta ka ng isang motorista. Huwag gawing personal ang mga bagay-bagay.
- **HUWAG** gamitin nang todo ang iyong busina. Ito ay dinisenyo bilang isang kagyat na aparatong pambabala, at hindi kapalit ng pagsigaw.
- **LAGING** isumbong sa Pulis ang mapanganib na pagmamaneho o mga agresibong motorista.

Para sa karagdagang mga payo sa kaligtasan sa trapiko, paki-tingnan ang <http://roadsafety.transport.nsw.gov.au>

O sundan ang Traffic at Highway Patrol Command sa Facebook <https://www.facebook.com/TrafficServicesNSWPF>

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpigil ng krimen bisitahin kami sa www.police.nsw.gov.au



Justice

Proteksyon laban sa Karahasan sa Kalsada



Triple Zero (000)

Para sa mga emerhensiya o mga sitwasyon na nalalagay ang buhay sa panganib.



Police Assistance Line (131 444)

Para sa mga hindi emerhensiya.



Crime Stoppers (1800 333 000)

Sa pagbigay ng impormasyon sa krimen, maaaring hindi magpakilala.